

Gyro MAG-KAISA FUKUSHIMA

Fukushima International Association

Date of Issue: August, 2012

Labing walong buwan ng nakakalipas mula ng nangyari ang Lindol .Nagpapasalamat po kami sa mga taong sumuporta una sa buong Japan at sa ibat-ibang parte ng mundo sa patuloy ninyong suporta.Inyo pong tunghayan ang aming newsletter na pinamagatang "Gyro"sa mga updates at mga pinakabagong pangyayari dito sa Fukushima at mga artikulo ukol sa mga lokal na aktibidad na kinasasangkutan ng mga dayuhan na naninirahan sa Fukushima.

✽Maari ninyo pong i-download sa anim na wika sa aming website.



Senaryo sa Fukushima



Ang awtentik na "Soma Nomaoi"ay muling matutunghayan (kuha noong 7.29,2012 sa Bayan ng Timog Soma)

Ang tradisyonal na festival ng Japan "Soma Nomaoi"ay buhat sa mga ninuno ng pamilyang Soma,na tinawag na Taira Masakado,noong pagsasanay sa militar. Noong isang taon sa kadahilanan ng lindol ang festival ay idinaos sa kakaunting tao.Ngunait nais ng tagabuo ng festival na ipakita sa tao na hindi tinalo ng sakuna ang pagdadaos ng festival na ito ,kungdi upang maalala ang mga taong nagbuwis ng kanilang buhay noong nakaraang kalamidad,nais ng bumubuo ng festival na ito na maging katulad noong mga naunang taon bago pa magkalindol.



Ang pamahalaan ay pumailalim sa proseso ng paglilinis sa gas (kuha noong 8.2,2012 sa itate Village)

Ang pamahalaan ay nagdesisyon na pumasailalim ng proseso ng paglilinis sa gas sa litate Village na tinalagang sona ng paglilikas. Ayon sa pagsisiyasat na ginawa noong Mayo hanggang Hunyo, nasa 60% ng mga naninirahan ang nais bumalik sa litate Village.Sa ngayon ang tangi nating pag-asa ay matagpuan ng Pamahalaan ang tama at mabisang paglilinis sa gas na proseso.



Fukushima Tanabata Festival

(kuha noong 8.7,2012 sa Lungsod ng Fukushima)

Sa mga Hapon ang Tanabata Festival ay isang highlight sa panahon ng Tag-araw. Sa panahong ito nag-umpisa ang bakasyon ng mga estudyante,karamihan sa mga magulang isinasama ang kanilang mga anak upang matunghayan ito at mag-enjoy sa festival na ito. Nagsusulat ng mga wishes ang mga tao sa papel at umaasang ang kanilang pangarap ay magkatotoo.Pagkatapos ng lindol marami ang humiling ng maagang pagbangon ng Lungsod ng Fukushima.



Pagtatanong sa mga mamayan na naninirahan sa Lalawigan ng Fukushima

Gng.Ayako Harada (mula sa bansa ng Brazil ,babae ,lungsod ng Fukushima)

Noong maganap ang lindol ako ay bumibiyaha sa Lungsod ng Gifu at iniwan ko ang aking anak na highschool mag-isa sa bahay.Ako ay alalang alala sa aking anak na hindi ko mayakap o makita man lang.Sa kabutihang-palad nagpadala ng bus ang Embahada ng Brazil upang lumikas at sa pag-karaan ng isang linggo kami ay nagkasama sa Lungsod ng Shizouka.Sa ngayon na nanumbalik na sa normal ang buhay sa Fukushima siya ay masayang pumapasok sa eskuwela at ako naman patuloy sa aking trabaho.Nagdesisyon akong manatili dito sa Fukushima mamuhay.

Ginoong Kouji Suzuki(mula sa bayan ng Sukagawa,lalake)

Ako ay hindi naapektuhan ng lindol,tsunami o ng radiation.Ako ay namamasukan sa pabrika ng industriya, maliban sa takot na dala ng radiation ay wala akong patirkular na pag-aalala.Ngunit ako ay may kaibigan na lumikas sa takot na negatibong epekto ng radiation sa kanyang sanggol na anak.Marami ang ganitong lumisan na karamihan ay mga anak at asawang babae na iniwan ang asawa na namamasukan sa Fukushima.Sa aking pansariling opinyon na kung papaano ang mga tao tumingin sa isyu na dala ng radiation na ang iba ay may pag-aalala at ang iba naman ay parang isang malaking bagay lamang.Ang bagay na nais ko lang na maasahan ay huwag masira ng epekto ng radiation ang relasyon ng mga mag-asawa at mga magkakaibigan.Labing walong buwan ng nakakaraan at ako ay masuwerte at hindi na aapektuhan ng malalim ng isyung radiation.



Mga ulat sa aktibidad na kinasasangkutan ng ibat-ibang lahi na residente ng Fukushima



Kum Seok Park at Hana Kang (mula Korea,Yohan Koriyama Church)

Pagkaraan ng lindol kami ay pumunta sa Ishinomaki na sinira ng tsunami upang tumulong sa paglinis sa mga debris at magluto para sa mga taong naninirahan sa evacuation Center.Ngayon binibisita namin ang mga temporary housing at dianadalan namin ng kanikanilang mga pangangailangan at naglalabas kami ng mga Concerts at sinasamahan naming mag-ehersisyo upang mayroon silang gawin.Sa mga karagdagan kami ay gumagawa ng mga kakaning gawa ng Koreano at salo-salo kaming kumakain.Kahit ito lamang ang aming kontribusyon sa kanila ay patuloy pa rin kaming bibisita sa kanila upang mabigyan sila ng kasiyahan.Inaasahan namin na ang mga lumikas ay maging maayos ang kanilang pamumuhay at makausap namin sila at hamukin silang magpatuloy at magbangon anumang pangyayari ang kanilang naranasan.



Entrevista aos residentes estrangeiros que participam nas atividades de reconstrução



Zhao Yu Hao (mula sa Tsina ,lungsod ng Fukushima)

福島市花火大会

和朋友一起观看大震灾之后的第一次花火大会，第一次看到了一些很独特很漂亮的礼花。看到有这么多人来观看花火大会，想来福岛的朋友们已经走出了大震灾的阴影了。希望复兴以后的福岛有更多这样热闹的活动。

(Translation) Ang mga Fire works sa Fukushima

Ito ang kaunaunahang kong matunghayan ang palabas na ito kaya't sumama ako sa aking mga kaibigan. Ako ay namangha sa kagandahan ng paputok.Isang araw ay napuno ng mga tao ang pagtutunghayan ng mga paputok .Ang akala ko ay bumalik na sa dati ang Fukushima at handa na sa pagbangon.Aking inaasahan ko na magkaroon ng maraming event na katulad nito sa darating na panahon.



Mga guro na galing sa Amerika na bumisita sa Fukushima



Ang mga guro na bumisita sa taniman ng peras at nakinig sa kanilang mga istorya kung papaano sila naapektuhan ng mga maling balita

Ang mga pagsasanay na ginanap sa Fukushima ay binuo ng Japan Society at nang imbita ng mga Guro na galing sa Amerika.Noong Hulyo 18 at 19 ay dinalo ng 4 na guro mula sa Amerika ang bumisita.Ang layunin ng mga guro sa pagbisita sa Fukushima ay upang matunghayan nila kung paano naapektuhan ng radiation ang Fukushima,at upang makihalubilo sa mga mamayan ng Fukushima.Nang mabahagi nila ang kanilang opinyon sa lokal na mamayan,naunawaan at nalaman nila kung paano naapektuhan ng aksidente na dulot ng radiation.Inaasahan namin na maihayag nila sa kanilang mga estudyante ang tamang mensahe.



Ang pagbisita sa daungan sa Haraganma kung papaano naapektuhan ng tsunami



Bumisita rin sila sa isang day care center na kung saan ay naapektuhan noong lindol at nakipag-laro sila sa amin



Ang Sukat ng radiation level sa Lungsod ng Fukushima (pansamantalang halaga)

Ang mga impormasyon ay nakuha sa website ng Pamahalaan ng Fukushima

Ang mga impormasyon sa ibinibigay ng Pamahalaan ng Lungsod ng Fukushima ukol sa radiation level sa ibat-ibang wika tulad ng English, Intsik at Hapon. At ang Fukushima International Association website ay nagbibigay sa wikang nasa itaas at Tagalog, Koreano, at Portuges.

Unit :mikro sievert /oras

Date Oras ng pagsukat	Fukushima City	Koriyama City	Shirakawa City	Aizu Wakamatsu City	Minami Aizu Town	Minami Soma City	Iwaki City
(normal na halaga)	0.04	0.04-0.06	0.04-0.05	0.04-0.05	0.02-0.04	0.05	0.05-0.06
2012.8.15 9:00	0.68	0.52	0.22	0.10	0.06	0.40	0.10
Measurement device	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP	IMP
Direksiyon at Distansiya from 1st power plant	Hilaga Kanluran About 63km	Kanluran About 58km	Timog Kanluran About 81km	Kanluran About 98km	Kanluran Timog Kanluran About 115km	Hilaga About 24km	Timog Timog Kanluran About 43km

※Ang sukat ng Radiation level sa Lungsod ng Fukushima ay nakuha sa paradahan ng sasakyan sa hilagang bahagi ng Kenpoku District Health and welfare Office. Ang lungsod ng Koriyama ay kinuhanan sa parahadahan ng sasakyan sa timog ng Koriyama Government Office complex.



Impormasyon

o Impormasyon Ukol sa Lindol sa ibat-ibang lengguwahe

Dito sa Fukushima International Ass.

Kami ay nagbibigay ng libreng pagpapayo sa serbisyong English at Intsik mula :

Oras :Martes hanggang Sabado simula sa alas nuwebe ng umaga hanggang ala sinko ng hapon.

Publisher

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎024-524-1315 FAX 024-521-8308

E-mail info@worldvillage.org URL <http://www.worldvillage.org>